

Sistema ng Distribusyon

Talahanayan 5 –MGA PRECURSOR NG BYPRODUCT NG DISINFECTION (DISINFECTION BYPRODUCTS PRECURSOR), MGA BYPRODUCT NG DISINFECTION AT MGA RESIDUAL NG DISINFECTANT				
Substance	Compliance Ratio	Range	Average	Mga Pinagmumulan ng Contaminant
Mga Precursor ng DBP	Higit sa o katumbas ng 1.0	1.7 – 3.9	2.6	Iba't ibang pinagmumulan na natural at gawa ng tao
Substance (mga iniuulat na unit)	MCL	PHG (MCLG)	Range	Pinakamataas na Umiiral na Taunang Average
Mga Trihalomethane (ppb)	80	NA	16.0 – 63.0	48
Mga Haloacetic Acid (ppb)	60	NA	3.5 – 13.0	12
Substance (mga iniuulat na unit)	MRDL	MRDLG	Range	Umiiral na Taunang Average
Chlorine (ppm)	4	4	< 0.10 – 2.1	0.72

Talahanayan 6 –TURBIDITY BILANG SUKATAN NG PERFORMANCE NG FILTER					
Substance (mga iniuulat na unit)	MCL	PHG (MCLG)	Entry Point sa Sistema ng Distribusyon		Mga Pinagmumulan ng Contaminant
			NBR	Waterman	
Turbidity (Units)	TT = 1.0		0.11	0.18	
Sukatan ng pagkamalabo ng tubig.	Porsyento ng mga sample ≤ 0.3	NA	100	100	Pag-agos ng lupa

Talahanayan 7 – PAG-DETECT NG LEAD AT COPPER SA MGA GRIPO NG CUSTOMER						
Substance (mga iniuulat na unit)	AL	PHG	Bilang ng mga Sample (Nakolekta noong 2020)	90 th Percentile Na-detect	Bilang ng mga Site na lumalampas sa AL	Mga Pinagmumulan ng Contaminant
Lead (ppb)	15	0.2	50	< 5.0	0	Corrosion ng tubo; erosion ng mga natural deposit
Copper (ppm)	1.3	0.3	50	0.121	0	Corrosion ng tubo; erosion ng mga natural deposit

Talahanayan 8a – PAG-DETECT NG COLIFORM BACTERIA – Panuntunan sa Total Coliform: Enero 1 – Hunyo 30				
Substance	MCL	MCLG	Sistema ng Distribusyon	Mga Pinagmumulan ng Contaminant
Total Coliform Bacteria	5 %	0	0	Natural sa kapaligiran
Fecal Coliform / <i>E. coli</i>	0	0	0	Dumi ng tao at hayop

Ang Lungsod ng Fairfield ay nangolekta ng 35 sample linggo-linggo. Hindi lalampas sa 5.0% ang maaaring magpositibo sa Total Coliform, at ang anumang sample na magpopositibo sa *E. Coli* o fecal coliform ay isang paglabag sa MCL.

Talahanayan 8b – PAG-DETECT NG COLIFORM BACTERIA – Binagong Panuntunan sa Total Coliform: Hulyo 1 – Disyembre 31				
Substance	MCL	MCLG	Sistema ng Distribusyon	Mga Pinagmumulan ng Contaminant
Total Coliform Bacteria	5 %	0	0	Natural sa kapaligiran
Fecal Coliform / <i>E. coli</i>	0	0	0	Dumi ng tao at hayop

Batay sa laki ng populasyon, Ang Lungsod ng Fairfield ay nangongolekta ng hindi bababa sa 100 sample buwan-buwan. Hindi lalampas sa 5.0% ang maaaring magpositibo sa Total Coliform, at ang anumang sample na magpopositibo sa *E.coli* o fecal coliform ay isang paglabag sa MCL.

MGA PAGPAPAIKLI AT PAGPAPAKAHULUGAN

AL – Action Level (Antas ng Aksyon): Ang mga concentration ng isang contaminant, na kung malalampasan, ay magpapasimula ng treatment o iba pang kinakailangan na dapat sundin ng isang sistema ng tubig.

MCL – Maximum Contaminant Level (Maximum na Antas ng Contaminant): Ang pinakamataas na antas ng contaminant na pinapayagan sa inuming tubig. Ang mga pangunahing MCL ay nakatakda nang malapit sa mga PHG o (mga MCLG) hangga't matipid at kaya ng teknolohiya. Ang mga pangalawang MCL ay nakatakda para protektahan ang amoy, lasa, at hitsura ng inuming tubig.

MCLG – Maximum Contaminant Level Goal (Nilalayong Maximum na Antas ng Contaminant): Ang antas ng contaminant sa inuming tubig kung saan ang anumang mas mababa rito ay walang natukoy o inaasahang panganib sa kalusugan. Itinakda ng U.S. Environmental Protection Agency.

MRDL – Maximum Residual Disinfectant Level (Maximum na Antas ng Residual Disinfectant): Ang pinakamataas na antas ng disinfectant na pinapayagan sa inuming tubig. May nakakakumbinsing ebidensya na ang paglalagay ng disinfectant ay kailangan para masugpo ang mga mikrobyong contaminant.

MRDLG – Maximum Residual Disinfectant Level Goal (Nilalayong Maximum na Antas ng Residual Disinfectant): Ang antas ng disinfectant sa inuming tubig kung saan ang anumang mas

mababa rito ay walang natukoy o inaasahang panganib sa kalusugan. Hinid ipinapakita ng mga MRDLG ang mga benepisyong paggamit ng mga disinfectant para masugpo ang mga mikrobyong contaminant.

NA – Not Applicable (Hindi Naaangkop) ND – Not Detected (Hindi Na-detect).

NL – Notification Level (Antas ng Abiso).

PHG – Public Health Goal (Layunin sa Pampublikong Kalusugan): Ang antas ng contaminant sa inuming tubig kung saan ang anumang mas mababa rito ay walang natukoy o inaasahang panganib sa kalusugan.

Ang mga PHG ay itinatagda ng California Environmental Protection Agency.

Ppb – Parts per billion (Bahagi kada bilyon): o micrograms per liter (µg/L).

Ppm – Parts per million (Bahagi kada milyon): o milligrams per liter (mg/L).

TT – Treatment Technique (Paraan ng Treatment): Isang kinakailangang proseso na ginawa para mabawasan ang isang contaminant sa inuming tubig.

µS/cm – microsiemens per centimeter.


PDWS – Primary Drinking Water Standards (Mga Pangunahing Pamantayan sa Inuming Tubig): Mga MCL, MRDL, at mga paraan ng treatment (treatment technique o TT) para sa mga contaminant na nakakaapekto sa kalusugan, kasama ang mga kinakailangan sa pagsubaybay at pag-uulat ng mga ito.

Binagong Panuntunan sa Total Coliform

Ipinapakita sa Ulat sa Kumpiyansa ng Consumer (Consumer Confidence Report o CCR) na ito ang mga pagbabago sa mga kinakailangan sa inuming tubig noong 2021. Idinaragdag ng mga pagbabagong ito ang mga kinakailangan ng pederal na Binagong Panuntunan sa Total Coliform, na may bisa simula Abril 1, 2016, sa kasalukuyang pang-estadong Panuntunan sa Total Coliform. Pinapanatili ng binagong panuntunan ang layuning protektahan ang pampublikong kalusugan sa pamamagitan ng pagtitiyak sa integridad ng mga sistema ng distribusyon ng tubig at pagsubaybay para sa presensya ng mga mikrobyo (ibig sabihin, total coliform at *E. coli* bacteria). Inaasahan ng U.S. EPA ang mas matinding proteksyon ng pampublikong kalusugan dahil iniaatas ng panuntunan sa mga sistema ng tubig na vulnerable sa kontaminasyon ng mikrobyo na tukuyin at ayusin ang mga problema. Ang mga sistema ng tubig na lumalampas sa partikular na dalas ng presensya ng total coliform ay kailangang magsagawa ng pagsusuri para alamin kung may mga depekto sa kalinisan. Kung matuklasang mayroon, dapat itong iwasto ng sistema ng tubig. Nagkaroon ng bisa ang Binagong Panuntunan sa Total Coliform noong Hulyo 1, 2021.

Mga Alalahanin sa Kalidad ng Tubig

Lead — Kung may matataas na antas ng lead, nakakapagdulot ito ng malulubhang problema sa kalusugan, lalo na sa mga buntis at maliitin na bata. Ang lead na nasa inuming tubig ay pangunahing nagmumula sa mga materyales at component na nauugnay sa mga linya ng serbisyo at mga tubo sa bahay. Ang Lungsod ng Fairfield ay responsable sa pagkakaalob ng de-kalidad na inuming tubig, pero hindi nito makontrol ang iba't ibang materyal na ginagamit sa mga component ng tubo. Kapag ilang oras nang hindi nagagalaw ang inyong tubig, mapapaliit ninyo ang posibilidad na ma-expose sa lead sa pamamagitan ng pag-flush ng inyong gripo nang 30 segundo hanggang dalawang minuto bago inumin ang tubig o gamitin ito para sa pagluluto. Kung nag-aalala kayo tungkol sa lead sa inyong tubig, puwede ninyong ipasuri ang tubig ninyo. Ang impormasyon tungkol sa lead sa inuming tubig, mga paraan ng pagsusuri, at mga hakbang na puwede ninyong gawin para mabawasan ang pagkaka-expose ay available sa hotline para sa Ligtas na Inuming Tubig o sa <https://www.epa.gov/lead>.



Kada tatlong taon, ang Lungsod ng Fairfield ay nangongolekta ng mga sample sa mga gripo ng consumer para alamin ang mga antas ng lead sa inuming tubig na maaaring dulot ng corrosion ng mga component na may lead sa sistema ng distribusyon ng sistema ng tubig o sa mga tubo sa bahay. Nakasunod ang lahat sa pinakahuling round ng pagsusuri. Isasagawa ang susunod na round ng pagsusuri sa 2023.

Seguridad — Ang Lungsod ng Fairfield ay nagsagawa ng isang komprehensibong pagsusuri sa vulnerability para sa mga pinagkukunan ng sistema ng tubig. Kung makakita kayo ng mga nakakabahalang bagay o makapansin kayo ng anumang kaduda-duda, mangyaring makipag-ugnayan sa Lungsod ng Fairfield sa **(707) 434-6100**.

Mga Sensitibong Populasyon — May ilang tao na mas vulnerable sa mga contaminant kumpara sa pangkalahatang populasyon. Ang mga immuno-compromised na tao tulad ng mga taong may kanser at sumasailalim sa chemotherapy, mga taong sumailalim sa mga organ transplant, mga taong may HIV/AIDS o iba pang sakit sa immune system, ilang nakatatanda, at mga sanggol ay maaaring partikular na manganib sa mga impeksyon. Dapat humingi ng payo tungkol sa pag-inom ng tubig ang mga taong ito mula sa mga provider nila ng pangangalagang pangkalusugan. Ang mga alituntunin ng U.S. EPA/Centers for Disease Control (CDC) tungkol sa mga naaangkop na paraan para paliitin ang panganib ng impeksyon ng Cryptosporidium at iba pang mikrobyong contaminant ay available sa hotline para sa Ligtas na Inuming Tubig (800) 426-4791).

Este informe contiene información muy importante sobre su agua para beber. Favor de comunicarse the City of Fairfield a (707) 437-5397 para asistirlo en español. Ang pag-uulat na ito ay naglalaman ng mahalagang impormasyon tungkol sa inyong inuming tubig. Mangyaring makipag-ugnayan sa City of Fairfield o tumawag sa (707) 428-7496 para matulungan sa wikang Tagalog.

Para sa Higit Pang Impormasyon:

Mga tanong hinggil sa ulat na ito, Jenell Pratt:	(707) 437-5386
Pagsingil para sa Tubig:	(707) 428-7346
Mga Pag-aayos kaugnay ng Tubig:	(707) 428-415
Mga Alalahanin sa Kalidad ng Tubig:	(707) 437-5390
Mga Pag-aayos kaugnay ng Tubig sa Mga Oras Pagkatapos ng Trabaho:	(707) 428-7300
Libreng Audit sa Pagtitiyak sa Tubig:	(707) 455-1111
Hotline ng EPA para sa Ligtas na Inuming Tubig:	(800) 426-4791

Lungsod ng Fairfield, Public Works Department, 1000 Webster Street, Fairfield, CA

Hinihikayat ang opinyon ng publiko sa mga isyu sa inuming tubig. Malugod kayong inaanyayahang dumalo sa isang meeting ng Konseho ng Lungsod at ipaalam ang inyong opinyon. Isinasagawa ang mga meeting sa ika-1 at ika-3 Martes ng bawat buwan nang 6 p.m. sa Fairfield City Council Chamber sa 1000 Webster Street.

Lungsod ng Fairfield Ulat sa Kumpiyansa ng Consumer





Ikinalulugod ng Lungsod ng Fairfield na ihandog ang 2021 Ulat sa Kalidad ng Tubig. Nakatuon kami sa paghahatid ng de-kalidad na inuming tubig na natutugunan o nahihigitan ang Mga Pang-estado at Pederal na pamantayan sa kalusugan. Ang taunang ulat na ito ay may mahalagang impormasyon at nagbibigay ng oportunidad para matuto at maunawaan kung saan nagmumula ang inyong tubig, kung ano ang laman nito, at ang mga hakbang na ginagawa namin para sa proteksyon ng pampublikong kalusugan.

Para matiyak na ligtas inumin ang tubig sa gripo, ang US Environmental Protection Agency (USEPA) at ang Lupon ng Pagkontrol sa Yamang Tubig ng Estado – Dibisyon ng Inuming Tubig (Estado) ay nag-aatas ng mga regulasyon na naglilimita sa dami ng mga partikular na contaminant sa tubig na galing sa mga pampublikong sistema ng tubig. Ang mga regulasyon ng Lupon ng Estado ay nagtatakda rin ng mga limitasyon para sa mga contaminant sa de-boteng tubig, na nagbibigay ng parehong proteksyon para sa pampublikong kalusugan.

Inililista ng mga talahanayan sa dokumentong ito ang mga contaminant sa inuming tubig na na-detect noong Enero 1 - Disyembre 31, 2021 at itinatapat ng mga talahanayan ang mga ito sa mga pamantayan ng Estado at USEPA. Pinapayagan kami ng Estado na subaybayan ang ilang contaminant nang wala pang isang beses kada taon dahil ang mga concentration ng mga contaminant na ito ay madalang magbago. Ang inuming tubig, kabilang ang de-boteng tubig, ay makatuwirang maaasahang naglalaman ng kahit kaunting contaminant. Ang pagkakaroon ng mga contaminant ay hindi agad nangangahulugan na delikado sa kalusugan ng tubig. Makakakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa mga contaminant at potensyal na epekto sa kalusugan sa pamamagitan ng pagtawag sa hotline ng USEPA para sa Ligtas na Inuming Tubig (800) 426-4791.

“

Ang taunang ulat na ito ay may mahalagang impormasyon at nagbibigay ng oportunidad para matuto at maunawaan kung saan nagmumula ang inyong tubig, kung ano ang laman nito, at ang mga hakbang na ginagawa namin para sa proteksyon ng pampublikong kalusugan.

Pederal na Kinakailangang Impormasyon tungkol sa Inuming Tubig

Kabilang sa mga pinagkukunan ng inuming tubig (tubig sa gripo at de-boteng tubig) ang mga ilog, lawa, sapa, pond, imbakan ng tubig, bukal, at balon. Habang dumadaloy ang tubig sa ibabaw o sa ilalim ng lupa, tinutunaw nito ang mga natural na mineral, at sa ilang pagkakataon, mga radioactive na materyal, at puwede itong makakuha ng mga substance na mula sa mga hayop o sa aktibidad ng mga tao.

Kabilang sa mga contaminant na posibleng nasa pinagkukunang tubig ang:



- Mga mikrobyong contaminant, gaya ng mga virus at bacteria na puwedeng mula sa mga sewage treatment plant, septic system, mga gawain kaugnay ng agricultural livestock, at mga hayop sa gubat.
- Mga inorganic na contaminant, gaya ng mga salt at metal, na puwedeng natural o resulta ng pagdaloy ng tubig-ulan mula sa mga lungsod, mga pagtatapon ng mga domestic at industriyal na maruming tubig, produksyon ng langis at gas, pagmimina, o pagsasaka.
- Mga pestisidyo at herbisidyo na maaaring iba't iba ang pinagmulan gaya ng agrikultura, pagdaloy ng tubig-ulan mula sa mga lungsod, at mga paggamit sa mga kabahayan.
- Mga organic na kemikal na contaminant, kabilang ang mga synthetic at volatile na organic na kemikal, na mga by-product ng mga industriyal na proseso at produksyon ng petrolyo, at puwede ring magmula sa mga gasolinahan, pagdaloy ng tubig-ulan mula sa mga lungsod, agrikultural na paggamit, at mga septic system.
- Mga radioactive na contaminant, na puwedeng natural o resulta ng produksyon ng langis at gas at mga aktibidad sa pagmimina.

Na-treat na Tubig

Talahanayan 1 – PAG-DETECT NG MGA CONTAMINANT GAMIT ANG PANGUNAHING PAMANTAYAN SA INUMING TUBIG					
Substance (mga iniuulat na unit)	MCL	PHG (MCLG)	Inuming Tubig		Mga Pinagmumulan ng Contaminant
			Range	Average	
Aluminum (ppm)	1	0.6	< 0.02 – 0.09	0.06	Erosion ng mga natural deposit; residue mula sa ilang proseso sa pag-treat ng surface water.
Fluoride (ppm)*	2	1	0.71 – 0.83	0.79	Erosion ng mga natural deposit; additive sa tubig na nagpapatibay ng ngipin.

*Tini-treat ng Lungsod ng Fairfield ang inyong tubig sa pamamagitan ng pagdaragdag ng fluoride sa natural na antas para makatulong na maiwasan ang mga pagkabutas ng ngipin sa mga consumer. Iniaatas ng mga pang-estadong regulasyon na panatilihin ang mga antas ng fluoride sa na-treat na tubig sa loob ng range na 0.6 at 1.2 ppm.

Talahanayan 2 – PAG-DETECT NG MGA CONTAMINANT GAMIT ANG PANGALAWANG PAMANTAYAN SA INUMING TUBIG					
Substance (mga iniuulat na unit)	MCL	PHG (MCLG)	Inuming Tubig		Mga Pinagmumulan ng Contaminant
			Range	Average	
Aluminum (ppb)	200	NA	< 20 – 87	67	Erosion ng mga natural deposit; residual mula sa ilang proseso sa pag-treat ng surface water.
Chloride (ppm)	500	NA	9.5 – 14	11	Pagdaloy/pagtagas mula sa mga natural deposit; epekto ng tubig-dagat.
Amoy – Threshold	3	NA	N/A	1.4	Natural na organic na materyal.
Specific Conductance (µS/cm)	1600	NA	321 – 461	379	Mga substance na bumubuo ng mga ion kapag nasa tubig; epekto ng tubig-dagat.
Sulfate (ppm)	500	NA	22 – 43	32	Pagdaloy/pagtagas mula sa mga natural deposit; mga industrial waste.
Kabuuang Dami ng Natunaw na Solid o Total Dissolved Solids (ppm)	1000	NA	162 – 262	220	Pagdaloy/pagtagas mula sa mga natural deposit.
Turbidity (Units)	5	NA	0.03 – 0.12	0.06	Pag-agos ng lupa.

Talahanayan 3 – MGA RESULTA NG SAMPLING PARA SA SODIUM AT HARDNESS					
Substance (mga iniuulat na unit)	MCL	PHG (MCLG)	Inuming Tubig		Mga Pinagmumulan ng Contaminant
			Range	Average	
Hardness (ppm)	NA	NA	95 – 199	166	Ito ang kabuuang bilang ng mga cation na nasa tubig, sa pangkalahatan, magnesium at calcium. Kadalasan, natural ang mga ito.
Sodium (ppm)	NA	NA	10 – 26	18	Sa pangkalahatan, natural ito at tumutukoy ito sa salt na nasa tubig.

Talahanayan 4 – Mga Contaminant sa Estado at Mga Antas ng Abiso – PFAS/PFOS					
Substance (mga iniuulat na unit)	NL	PHG (MCLG)	Inuming Tubig		Mga Epekto sa Kalusugan
			Resulta		
Perfluorooctanoic Acid (ng/L)	5.1	NA	< 2.0		Ang mga pagka-expose sa perfluorooctanoic acid ay nagresulta sa mas mabigat na atay at kanser sa mga hayop sa laboratoryo.
Perfluorooctanesulfonic Acid (ng/L)	6.5	NA	< 2.0		Ang mga pagka-expose sa perfluorooctanoic acid ay nagresulta sa paghina ng resistensya at kanser sa mga hayop sa laboratoryo.

Pinagkukunang Tubig

Ang pinagkukunang tubig ng Fairfield ay nagmumula sa Lake Berryessa at sa Sacramento Delta. Ang tubig ay dinadala para i-treat, sa pamamagitan ng Putah South Canal at ng North Bay Aqueduct. Ang treatment ng pinagkukunang tubig ay nahahati sa dalawang kumbensiyonal na water treatment plant, ang Waterman Treatment Plant at ang North Bay Regional Water Treatment Plant (ang NBR ay pagmamay-ari ng Lungsod ng Fairfield at Lungsod ng Vacaville).

Mga Pagsusuri sa Pinagkukunang Tubig

Iniaatas ng batas ng Estado sa mga water utility na magsagawa ng paunang Mga Pagsusuri sa Pinagkukunang Tubig at Mga Survey sa Kalinisan ng Watershed nang kahit isang beses kada limang taon, para sa pag-iimbestiga ng mga potensyal na nakakakontaminang aktibidad na posibleng makaapekto sa (mga) pinagkukunang tubig.

Lake Berryessa: Ipinapakita sa isang Pagsusuri sa Pinagkukunang Tubig, na isinagawa noong 2017, na ang pinakamalalaking potensyal na pinagmumulan ng kontaminasyon ay mga ilegal na aktibidad, hindi awtorisadong pagtatapon, paggamit ng herbisidyo at pang-agrikulturang drainage. Ang pinakahuling survey sa kalinisan ay isinagawa noong 2018.

Sacramento-San Joaquin Delta: Ipinapakita sa isang Pagsusuri sa Pinagkukunang Tubig, na isinagawa noong 2016, na ang pinakamalalaking potensyal na pinagmumulan ng kontaminasyon ay panlibangang paggamit, hindi awtorisadong pagtatapon, paggamit ng herbisidyo at pang-agrikulturang drainage. Ang pinakabagong survey sa kalinisan ay isinagawa noong 2017.

Makakakuha ng kopya ng mga kumpletong pagsusuri at mga kaugnay na buod ng vulnerability sa pamamagitan ng Lupon ng Pagkontrol sa Yamang Tubig ng Estado – Dibisyon ng Inuming Tubig, Tanggapan ng Distrito ng San Francisco, 850 Marina Bay Parkway, Building P 2nd floor, Richmond, CA 94804- 510.620.3474.

